

Ang iyong gabay sa pagboto sa 2023 Pangkalahatang Eleksyon.



E231 06/23 Tagalog



Unawain kung ano ang aasahan at kung paano bumoto sa 2023

Tiyaking naka-enrol ka at napapanahon ang iyong mga detalye.

Para makaboto, kailangan naka-enrol ka. Dapat kang magpa-enrol kung ikaw ay 18 taong gulang o mas matanda, isang mamamayan ng New Zealand o isang permanenteng residente, at tuloy-tuloy kang nanirahan sa New Zealand sa loob ng 12 buwan o higit pa sa ilang panahon ng iyong buhay.



Magpa-enrol, suriin o i-update ang iyong mga detalye online

Madaling magpa-enrol, suriin o i-update ang iyong mga detalye online gamit ang iyong lisensya sa pagmamaneho sa New Zealand, pasaporte ng New Zealand o na-verify na pagkakakilanlan ng RealMe.

- Pumunta sa [vote.nz](https://www.vote.nz)
- Tumawag sa **0800 36 76 56**
- I-text ang iyong pangalan at address nang libre sa **3676**



Ang iyong EasyVote pack

Kung makakapag-enrol ka hanggang Linggo, ika-10 ng Setyembre, makakakuha ka ng EasyVote pack sa koreo.

Sasabihin sa iyo ng iyong EasyVote pack kung kailan ka makakaboto at kung sino ang maaari mong iboto. Isasama rin sa iyong pack ang iyong isinapersonal na EasyVote card, na nagpapadali sa pagboto. Maaari ka pa ring bumoto nang wala ang iyong EasyVote card, ngunit maaaring mas tumagal ito.

Kung magpapa-enrol ka pagkatapos ng Linggo, ika-10 ng Setyembre, kabilang ang araw ng eleksyon, hindi mo makukuha ang iyong EasyVote card. Kakailanganin mong magsagawa ng espesyal na pagboto, na mas matagal.

Pagbubukas ng botohan: 9am sa Lunes, ika-2 ng Oktubre

Pagsasara ng botohan: 7pm sa araw ng eleksyon, Sabado, ika-14 ng Oktubre



Kailan bukas ang mga lugar ng botohan at saan makikita ang mga ito

Maaari kang magpa-enrol at bumoto sa Pangkalahatang Eleksyon sa alinmang lugar ng botohan mula Lunes, ika-2 ng Oktubre hanggang sa araw ng eleksyon, Sabado, ika-14 ng Oktubre.

Sa araw ng eleksyon, Sabado, ika-14 ng Oktubre, ang lahat ng mga lugar ng botohan ay bukas mula 9am hanggang 7pm.

Ang impormasyon tungkol sa mga lokasyon at oras ng pagbubukas para sa mga lugar ng botohan ay makukuha sa [vote.nz](https://www.vote.nz) o sa pamamagitan ng pagtawag sa **0800 36 76 56** mula kalagitnaan ng Setyembre.



Saan makakakuha ng higit na impormasyon tungkol sa pagpapa-enrol at pagboto

- Bisitahin ang [vote.nz](https://www.vote.nz)
- Tumawag sa **0800 36 76 56**

Kung ang impormasyong ito ay maaaring maging kapaki-pakinabang sa isang taong kilala mo, mangyaring sabihin sa kanila ang tungkol dito.

Ang impormasyon tungkol sa pagpapa-enrol at pagboto ay makukuha rin sa ibang mga wika at mga naa-access na format sa [vote.nz](https://www.vote.nz)

Paano bumoto

1 Dalhin ang iyong EasyVote card

Dalhin ang iyong EasyVote card dahil gagawin nitong mas madali ang pagboto. Maaari ka pa ring bumoto kung nakalimutan mo ang iyong card o wala ka nito.



2 May isang tao sa lugar ng botohan na tutulong sa iyo

Ipapakita sa iyo ng mga manggagawa sa eleksyon sa iyong lugar ng botohan kung ano ang gagawin at kung saan pupunta.



3 Bumoto sa pangkalahatang eleksyon

Sa isang pangkalahatang eleksyon, mayroon kang dalawang boto – isang boto sa partido at isang boto sa electorate.


Ang iyong boto sa partido

Ang iyong boto sa partido ay para sa partidong pampulitika na gusto mong suportahan.

Ang boto na ito ang higit na nagpapasya sa kabuuang bilang ng mga puwesto na makukuha ng bawat partidong pampulitika sa Parlyamento. Ang mga partido na may mas malaking bahagi ng boto ng partido ay makakakuha ng mas maraming puwesto sa Parlyamento.

Maaari kang pumili mula sa parehong listahan ng mga partidong pampulitika ikaw man ay nasa pangkalahatang listahan o Māori na listahan.

Sa iyong papel sa pagboto, lagyan ng tsek ang pangalan ng partidong pampulitika na iyong pinili.



Ang iyong boto sa electorate



Ang iyong boto sa electorate ay ang pagpili ng kandidato na gusto mong maging miyembro ng Parlyamento (MP) para sa lugar na iyong tinitirhan.

Ang kandidatong may pinakamaraming boto sa iyong electorate ay magiging iyong electorate MP. Kakatawanin nila ang iyong lokal na lugar sa Parlyamento.

Kung ikaw ay nasa Māori na listahan, iboboto mo ang kandidatong nasa Māori electorate.

Kung ikaw ay nasa pangkalahatang listahan, iboboto mo ang kandidatong nasa pangkalahatang electorate.


Sa iyong papel sa pagboto, lagyan ng tsek ang pangalan ng kandidatong pinakagusto mong kumatawan sa iyong lokal na lugar.



Ang proporsyon na ito ng mga boto ng partido =
Ang parehong proporsyon ng mga puwesto sa Parlyamento

4 Ilagay ang iyong papel sa pagboto sa ibinigay na kahon ng balota

At iyon na nga – nakaboto ka na!



Hindi makakapunta sa lugar ng botohan?

Kung hindi ka makakapunta sa lugar ng botohan, halimbawa, dahil sa sakit, edad o kapansanan, maaari kang makakuha ng tulong para bumoto. Alamin ang higit pa sa [vote.nz](https://www.vote.nz) or tumawag sa **0800 36 76 56** para pag-usapan ang iyong mga opsyon.

Kung ikaw ay nasa isang care home, ang iyong lokal na Electorate Manager ay makikipag-ugnayan sa manager ng iyong care home upang ayusin ang mga serbisyo sa pagboto.

Kung hindi ka makakapunta sa lugar ng botohan dahil nasa ospital ka, mula Lunes, ika-2 ng Oktubre, maaaring dalhin sa iyo ng iyong kaibigan o kapamilya ang iyong mga papel sa pagboto.

Pagboto mula sa ibang bansa

Kung boboto ka mula sa ibang bansa, dapat ay naka-enrol ka na sa hatinggabi ng Biyernes, ika-13 ng Oktubre. Maaari kang mag-enrol o mag-update ng iyong mga detalye sa [vote.nz](https://www.vote.nz)

Maaari kang bumoto mula sa ibang bansa mula Miyerkules, ika-27 ng Setyembre hanggang 7pm ng Sabado, ika-14 ng Oktubre (oras ng NZ)

Ang pinakamadali at pinakamabilis na paraan upang bumoto mula sa ibang bansa ay ang pag-download at pagkumpleto ng iyong papel sa pagboto at pagkatapos ay i-upload ito sa [vote.nz](https://www.vote.nz)

Telepono mula sa ibang bansa: +64 9 909 4182

(maaaring ilapat ang mga rate ng internasyonal na tawag)

Telepono mula sa New Zealand: 0800 36 76 56

Kailangan ng tulong upang basahin o markahan ang iyong mga papeles sa pagboto?

Matutulungan ka ng isang kaibigan, miyembro ng pamilya, o opisyal ng electoral na basahin o markahan ang iyong papel sa pagboto. Ang taong iyon ay maaaring:

- pumunta sa likod ng screen ng pagboto kasama ka
- basahin ang mga salita at impormasyon sa papel sa pagboto
- markahan ang papel sa pagboto para sa iyo kung hihilingin mo sa kanila.

Hindi nila maaaring sabihin sa iyo kung sino ang dapat mong iboto sa pangkalahatang eleksyon.

Kung ikaw ay bulag, bahagyang bulag o may pisikal na kapansanan na nangangahulugang hindi mo mamarkahan ang iyong papel sa pagboto nang walang tulong, maaari kang bumoto gamit ang serbisyo ng pagdidikta sa telepono.

Kailangan mong magparehistro para magamit ang serbisyo ng ito. Tumawag sa **0800 028 028** at piliin ang opsyon 1 para magparehistro.

Maaari kang magparehistro mula Lunes, ika-11 ng Setyembre hanggang tanghali, Sabado, ika-14 ng Oktubre.

Bisitahin ang [vote.nz](https://www.vote.nz) para alamin ang higit pa tungkol sa serbisyo ng ito.